

1

Kasabay ng pagpalakpak niya ay ang pagpatak ng kanyang luha. Hindi iyon dahil sa malungkot siya, in fact, masayang-masaya siya para sa bride at groom. It was her sister's wedding. No, it was her *twin* sister's wedding.

Sa loob ng dalawang taon ay parang ipu-ipong nagbago ang buhay niya. Two years ago, she was diagnosed to have CKD or chronic kidney disease at her age of twenty-six. At nang matuklasan iyon ay nasa malalang stage na kaagad para sa kanyang edad, stage four. Naging hopeless ang lahat para sa kanya pero hindi siya, nanatili ang pag-asa sa puso niya.

Pipi siyang umaasa na gagaling siya kahit hindi siya sumailalim sa isang transplant. Palagi siyang naniniwalang may dahilan ang lahat ng pagsubok na ibinibigay ng Diyos para sa isang tao. Iyon ang pinakamahalagang bagay na pinaniniwalaan niya. She always had that strong faith in God.

At hindi nga siya nagkamali, dahil doon ay nakilala niya at nalaman na hindi siya tunay na anak ng kinikilalang magulang. Hindi siya nagalit o naghinanakit sa mga ito dahil pinalaki naman

siya nang maayos, naging isa siyang mabuting tao at sa ngayon ay tanyag na modelo. Wala siyang naramdamang pagkukulang sa kanyang pagkatao dahil lang nagtago ang mga ito ng sekreto sa kanya. She also discovered that she had a twin sister who whole-heartedly donated a part of her to enable her to survive.

Napangiti siya. Binuhay siya dahil alam niyang may misyon pa siya. She could feel it.

“And now you may kiss the bride,” anunsyo ng pari matapos maibigay ang basbas nito. Muli ay nanguna siya sa pagpalakpak. Matapos ang halik ay kaagad na bumaling sa kanya si Francesca, ang kakambal niya. Bakas sa mukha nito ang kaligayahan. Halos sabay pa silang lumapit ng mommy at daddy niya rito. Kasama na ang tunay niyang ama.

Hindi maipagkakaila ng kahit na sino na kambal silang dalawa ni Francesca. Sa biglang tingin ay halos wala silang pinagkaiba. Pero kapag tinitigan na silang pareho ay doon makikita ang pagkakaiba ng personality nila. She was fairer than her twin sister and had stronger features. At higit din siyang mas matangkad dito.

“Congratulations, Sis,” aniya at yumakap dito. Hindi pa man niya nakikilala na kapatid niya ito ay

ramdam na niya ang gaan ng loob dito una pa lamang niya itong nakita sa *Cultural Center of the Philippines*. Siguro nga ay totoo ang lukso ng dugo dahil nadama niya iyon dito.

“Thank you, Francine,” saad nito. Lalong lumapad ang ngiti niya sa pagbanggit nito ng tunay niyang pangalan. Ayon sa tunay niyang ama, Francine ang tunay niyang pangalan at Francesca naman ang kakambal niya. Ngunit Gilene Sebastian ang kanyang kinalakhang pangalan. Tanging ang mga ito ang tumatawag sa kanya ng ‘Francine’. Pero walang problema sa kanya iyon, either Francine or Gilene, she was still the same person. Hindi naman mababago ng pangalan ang isang tao, iyon ang paniniwala niya.

“Masaya akong nakarating ka. Dahil kung hindi’y magtatampo talaga ako,” sabi ng bride.

“I wouldn’t miss this for the whole world. Kahit nasaang lupalop pa ako ng mundo ay dadating at dadating ako. Aba, minsan lang ikasal ang nag-iisang kapatid ko.” Bumaling siya sa esposo nito. Lawrence was her childhood friend. Naging nobyo niya ito, but then they both decided to call it quits dahil alam nilang parehong platonic love lang ang mayroon silang dalawa. Wala silang pag-asang magkaroon ng spark sa kanilang pagitan kahit na anong tagal

nila sa relasyon. At nakita rin niya kung paanong lumiliwanag ang mga mata ng kaibigan sa tuwing titingnan si Francesca. Naalala pa niya ang kuwento ng kakambal na pinagselosan siya nito. But that was all in the past now. “Congratulations, Lawrence, and welcome to the family.”

Tumawa ito sa sinabi niya. “Ang lagay pala, eh, hindi mo ako itinuturing na pamilya noon. After all that I’ve done for you. How dare you.”

She rolled her eyes at his joke. “Ay, ’sus! Nagtampo ka naman agad. Siyempre iba ngayong brother-in-law na kita. Alagaan mo si Ate, ha? Naku! Malaman-laman ko lang na pinaiyak mo siya ay bumalik ka na sa sinapupunan ni Tita. Maliwanag? And never ever hurt her.”

Sumaludo ito sa kanya bilang sagot. “Yes, Ma’am. Never in my sane mind will I make her cry. I intend to make her the happiest woman in the world.” Pagkasabi niyon ay muling kinabig nito ang asawa saka hinalikan sa noo.

Hay, ang in love nga naman. ’Kakainggit!

“Francesca, Hija, congratulations!” agaw ng tinig ng Mommy Divina niya. Kusa itong humalik sa pisngi ng bagong kasal. Naging malapit na rin ang kakambal

niya sa kinalakhan niyang magulang. Marahil ay dahil na rin iyon sa maaga silang naulila sa ina. Tanging ang kanyang ama lamang ang nagpalaki rito.

Maging ang asawa ni Mommy Divina ay binati ang bagong kasal.

“Thank you po, Mommy at Daddy.”

“Magbuo na kayo agad ng little Francesca at little Lawrence, ha? Kung p’wede kambal, tutal nasa lahi naman natin.”

“Oo nga, Fran. Dapat pagbalik ninyo mula sa honeymoon ay may kambal na.” Ininguso pa niya ang tiyan nito. Kitang-kita naman niya ang pagpula ng mga pisngi nito. Ang totoo ay nagpakasal na ang dalawang ito sa huwes, isang intimate wedding lang. Hinintay lang talaga ni Lawrence na maging fully healed ang katawan ni Francesca para hindi ito ma-stress sa pag-aayos ng kasal.

“Ikaw talaga. Ikaw, wala ka pa bang planong sumunod?” sulsol nito.

“Fran, ano ba naman ’yan! Itataboy mo din ba ako sa pag-aasawa gaya ni Mommy? Hindi n’yo na yata ako mahal,” kunwari ay nagtatampong tugon niya.

Kita niya ang pagngiti ni Federico, ang tunay niyang ama. Mula nang makilala rin siya nito at mabuo ang pamilya nito ay sumigla na ito at nagkaroon ng laman. Ang nakagisnang pamilya naman ni Gilene ay itinuring na ring tunay na anak si Francesca. Kung hindi lang may pagkamahiyain ang kakambal niya ay malamang na ang mommy na niya ang sumagot ng kalahati ng gastusin para sa kasal ng mga ito sa sobrang excitement. And she could imagine her mom if it was her own wedding.

“Mahal ka nga namin, kaya gusto naming may nag-aalaga sa ’yo. At saka nang matigil ka na diyan sa kakalayas mo. Kita mo, dati ang puti-puti mo, ngayon halos nagiging sunog ka na,” salo ni Lawrence.

Pabirong hinampas niya ito. “Anong layas? Volunteer worker ako at hindi ako layas, okay? At saka makalait ka naman ng kulay, akala mo kaputian ka.”

“Ayan pa nga ang isang sinasabi ko diyan sa batang iyan. Aba’y tinigilan nga ang pagmomodelo, pero hindi pa rin natigil sa bahay. Kung saan-saang lupalop ng Pilipinas nakakarating,” muling pagsusumbong ni Mommy Divina sa mga ginagawa niya. Mas lalo tuloy siyang napailing.

“Mom, ang ginagawa ko ay para sa good cause.

At saka naniniwala akong ito ang misyon ko sa buhay; helping other people. Kaya nga ako nag-volunteer sa *World Vision* para naman kahit paano ay makatulong ako sa iba dahil sobra-sobrang blessing na ang natatanggap ko mula kay Lord. And remember, it is better to give than to receive.”

“Amen, Sister Francine!” biro ni Francesca sa kanya. Maging si Tatay Federico ay natawa rito. “Baka naman sa susunod na magkita-kita tayo ay magsasabi ka na sa amin na magmamadre ka na. Baka mahimatay niyan si Mommy sa ’yo.”

“Anak, hindi naman sa ayaw kitang maglingkod sa Diyos, kaya lang gusto ko ding makitang magkaroon ka ng pamilya.”

Ay, wala na, maging si Tatay ay sumali na din sa usupan, himutok ni Gilene.

“Naku, “Tay! Relax, wala sa isipan ko ang pagmamadre. Masaya lang ho ako talaga na makatulong sa iba. Ito naman kasing si Fran, kung ano-anong pinapasok na idea. Siyempre po gusto ko ding magkapamilya, pero sa ngayon pong hindi ko pa nakikilala ang Prince Charming ng buhay ko ay tutulong muna ako sa ibang tao. And speaking of helping,” tumingin siya sa kanyang relo, “I think I need to go.”

“Ayan na nga ba ang sinasabi ko.”

“Mommy!” natatawang saway niya sa adoptive mother. “Napag-usapan na natin ito. Hindi naman p’wedeng i-move ang programa namin nang dahil lamang sa akin.”

Pagkasabi niyon ay muli siyang humalik sa mga pisngi ng bagong kasal bago ibinigay sa mga ito ang kanyang regalo. Sinabihan na niya ang dalawa na huwag nang kumuha ng honeymoon trip dahil sasagutin niya iyon. She handed them two airplane tickets to Paris. Alam niyang mag-e-enjoy ang kakambal doon. Ilang buwan din siyang tumigil doon bago nga umuwi dahil sa sakit.

“Congratulations again, Ate Francesca and Lawrence. I’m so happy for the both of you.”

“Maraming salamat din, Francine. Kung saang lupalop ka man pupunta ngayon, mag-ingat ka, ha. Sana pagbalik namin galing sa honeymoon ay ikaw naman ang may magandang balita sa amin. And I will be happy as well.”

She chuckled. “Ikaw talaga. Masaya ako sa buhay ko, kaya huwag ninyo akong alalahanin. Kayo ang dapat may good news sa akin pagbalik ninyo.”

“Thank you, Gilene.”

“You’re most welcome, Lawrence. So, paano, una na ako. Ingat kayo sa biyahe.” Binalingan niya ang kanyang Mommy Divina, Daddy Herardo at Tatay Federico. “Mom, una na po ako, ha?”

“As if namang may magagawa ako sa ’yong bata ka.”

“Mommy! Stop saying that,” natatawang protesta niya. Kinabig ng adoptive father niya ang asawa nito.

“Hayaan mo na si Gilene, Divina. Kunwari ka pa, gusto mo din naman ako masolo. Kagabi mo pa nga ako niyayaya sa Singapore.”

“Herardo!” saway ni Divina, pero pulang-pula ang mukha nito.

“O, ’yan, Mommy, binuking ka na ni Dad kaya huwag ka nang tumanggi diyan.” She then turned to his real father. “Tay, uuna na po ako. Kailangan ko po kasing humabol sa mission trip namin. Sa Batangas po gaganapin iyon at ayoko naman pong mahuli sa tagpuan namin.”

Nakakaunawang ngumiti ang tatay niya. “O, sige, Anak, walang problema. Basta mag-ingat ka doon, ha? Tumawag ka na lang sa amin kapag nandoon ka na. Ilang araw ka ba doon?”

“Isa hanggang dalawang linggo po. Baka po mag-extend pa kami para masubaybayan ’yung ilang remote areas doon. Mga dental mission saka medical mission po ang gagawin namin. ’Tapos plano ko din pong mamigay din ng ilang school supplies sa ilang mga public schools. Nakakuha po kasi ako ng sponsor.”

“Kung gan’on ay mag-iingat ka doon, ha? Huwag na huwag mong pababayaan ang sarili mo. Inumin mo ang gamot mo sa tamang oras at mag-ingat sa mga pagkain-kain mo doon. Huwag na huwag ka ding magbubuhay ng mabibigat na bagay. Kapag may nararamdaman kang iba sa katawan mo, umuwi ka na agad dito sa Maynila,” sunod-sunod na bilin nito. Napangiti na lang siya. Hindi man niya ito nakapiling habang lumalaki ay dama naman niya ang pagmamahal nito sa kanya.

“Opo, ’Tay. Pangako, aalagaan ko ang sarili ko. Una na po ako.” Muli siyang humalik sa pisngi ng mga ito. Ilang saglit pa’y tinutungo na niya ang kinapaparadahan ng kanyang sasakyan. Noong una ay ayaw pa siyang payagan ng ina na magbiyaheng mag-isa, kaya pumayag na siyang magkaroon ng driver upang maiwasan ang pag-aalala ni Divina. Pero nang kalaunan ay inunti-unti rin niya ang pagsasabi rito na kaya na niyang mag-isa.

Napangiti si Gilene habang nagmamaneho. Bago siya magtungo sa opisina ng *World Vision* ay kailangan muna niyang daanan ulit ang sponsors nila. May mga kailangan siyang pirmahan na kontrata, dahil ang kapalit ng pagbibigay ng mga ito ng school supplies ay ang pagiging modelo niya ng produkto ng mga ito. Kumbaga ex-deal lang. Masaya siya sa ganoon, paminsan-minsan na lamang siya nakikita sa catwalk.

2

“Ate Cristy, maglalakad-lakad lang po ako sa tabing-dagat, ha,” pagpapaalam niya.

Nilingon siya nito. “Sige lang, Gilene, tapos na naman tayo dito. Inventory na lang ng gagawin natin sa medical mission bukas ’tapos free time na. Gusto mo bang pasamahan kita?”

Mabilis na umiling siya. “Huwag na, Ate. Ikaw talaga, dito lang naman ako. Saka nakakahiya kung papasamahan mo pa ako. Daig ko pa ang seño ritang nakaupo sa tasa.”

“Aba, ang batang ito! Hindi mo lang alam, gustong-gusto ng mga iyan kapag pinapasamahan kita.” Ininguso pa nito ang ilang empleyado nito. Si Ate Cristy ang head ng project na iyon. Noong una ay palagi siya nitong pinapasamahan lalo na kung nasa isang liblib na probinsya sila. Alam kasi nito ang naging sakit niya at kahit hindi sabihin ay alam niyang nag-aalala rin ito para sa kanya. And she was so blessed having people like them around her.

She just chuckled. “Magsesenti-sentihan lang po ako sa tabi-tabi.”

“Aba, maganda ’yan. ’Yong husband ko nga’y natisod ko sa kaka-emote ko lang din sa tabing-dagat. Mga ganitong panahon din ’yon, palubog ang araw. Akala niya siguro isa akong sirenang nagkaroon ng paa, with matching lipad ng buhok epek. Buti na lang noong nagkita kami nang maliwanag na ay hindi nagbago ang isip at pinakasalan pa din niya ako.”

Napatawa siya sa kuwento nito. “Aww, ang sweet! Mas gusto ko lalo magsenti. Baka ako ang susunod sa yapak mo, Ate Cristy.”

“Pero huwag magmadali sa pagsunod, ha. Oo nga’t masarap ang ma-in love pero masakit ang masaktan. May tinik din sa paghakbang, kaya ingat sa pagsunod sa akin,” paalala nito.

Napailing na lamang siya. Maglalakad lang naman siya.

“I know, Ate. Sige po, senti mode kunwari muna ako. Babalik ako before dinner.”

“O sige, basta huwag kang masyadong lalayo. Mag-ingat ka.”

Binagtas lang ng dalaga ang tabing-dagat. She loved how the air felt against her skin. Nakaka-relax iyon at very soothing. Tama si Ate Cristy, masarap ngang magsenti sa tabi ng dagat. Masarap mag-soul

searching. Papalubog na ang araw kaya nagkukulay kahel ang repleksyon niyon sa tubig. Tahimik ang paligid at ilang huni lamang ng ibon ang naririnig niya. May ilang kabataan din siyang nadadaan na naglalakad-lakad din. At karamihan sa mga iyon ay magkakapares. She felt that somehow the sunset was partly to blame, the environment was so romantic.

Sayang lang wala akong ka-partner, naisaloob niya.

Nang mapagod sa kalalakad ay nagpasya na siyang maupo sa buhanginan. Hindi na siya nagabalang sapinan pa ang uupuan. Ang bayan na pinuntahan nila ay ang kanugnog-bayan lamang ng Laiya, sa Batangas din, kaya halos puti rin ang buhangin doon at napakapino. Itinaas niya ang mga tuhod at niyakap ang mga iyon bago itinukod ang baba roon. She was busy admiring the sunset when someone disturbed her.

Napalingon siya sa kumalabit sa kanya; isa iyong cute na cute na batang babae. Nakatitig ito sa kanya. Napangiti siya sa kaharap nang ngumiti ito .

“Hi!” anito na kumakaway-kaway pa sa kanya. Mamula-mula ang magkabilang pisngi nito at singkit ang mga mata. Bintog na bintog din ang mga pisngi nito na tila kay sarap pisilin. Nakasuot ito ng pulang

pajama at puting baby tee. Luminga siya para alamin kung may kasama ito, ngunit wala at nag-iisa lamang ito. Nagpasya siyang kausapin ito. Baka nawawala.

“Hello. Ano’ng pangalan mo?”

“My name is Angel Clarisse Monteclaro. I am three years old.” Iminuwestra pa nito ang daliri para sabihing tatlong taong gulang na ito. “What’s your name?”

“I am Gilene. And I am twenty-eight years old.”

Muli itong kumaway sa harap niya. “Hi, Miss Gilene. You are so pretty.”

Sanay siyang pinupuri ng mga tao, pero parang iba ang dating ng pagsasabi nito niyon sa kanya. Sabi nga nila, hindi nagsisinungaling ang bata. She touched the little girl’s hair. “Thank you, Angel. And you are pretty, too. In fact, you are prettier than me.” Habang nakatingin dito ay hindi niya maiwasan ang mag-isip, *Teka, nasaan ba ang magulang ng batang ito? Hindi ba nila alam na maaaring ma-kidnap ang cute girl na ito?*

“Daddy said that I should not talk to strangers, but you are like... uhm... like a...” Tila hindi nito maituloy ang sasabihin dahil naghahanap pa ng maidudugtong. Tumingin pa ito sa langit. And for

a three-year-old, parang ang tali-talino nito at ang tatas nang magsalita.

Inglisera pa! aniya sa sarili.

“Angel!”

Sabay pa silang napalingon ng bata sa pinanggalingan ng tinig. Isang humahangos na lalaki ang papalapit sa kinaroroonan nila. Nang tuluyan nang makalapit ay mabilis nitong kinarga ang bata at niyakap. The man planted a kiss on the kid’s forehead that made her heart melt. Nag-aalala ito. Tumayo siya kasabay ng pagkuha nito sa bata.

“Di ba sabi ko naman sa ’yo not to go outside the house? It’s getting dark. The monster might eat you, sige ka. Paano na si Daddy kapag kinain ka ng monster?” Halatang concerned na concerned ito. The little girl looked guilty. Kaagad itong humalik sa magkabilang pisngi ng lalaki.

Magaling na bata, marunong mang-uto. Lihim siyang napangiti.

“Sorry, Daddy. I think walang monster dito kasi there’s an angel here. Look at her, o.”

Nagulat siya sa pagturo sa kanya ng bata. She was cutely squinting her eyes while pointing at her.

Siguro ay iyon ang gusto nitong sabihin kanina. Nahiya naman kaagad siya, sabay tingin sa tinutukoy nitong ‘Daddy’.

Lihim pang napasinghap si Gilene nang mabistahan ang lalaking may karga sa paslit. With the glimpse of the setting sun, kitang-kita niya ang maiitim nitong mata at malalantik nitong pilik. His eyes matched his prominent jaws and the almost perfect nose and reddish lips. May stubbles ito sa panga, pero nakadagdag lang iyon sa angking kaguwapuhan nito.

Marami na siyang nakakasalamuhang modelo na may angking kaguwapuhan din, ngunit iba ang dating nito sa kanya. He was looking at her deeply that she felt her knees getting weak. Plus this man looked perfectly fit. Humahakab sa suot nitong white t-shirt ang katawan nito.

Gusto niyang hawakan ang dibdib para pakalmahin iyon. Pakiramdam kasi niya ay ang bilis-bilis ng tibok niyon. Sandaling naghinang ang kanilang mga mata. Hindi niya alam kung ngingiti ba siya o hindi. Seryosong-seryoso kasi ang ekspresyon nito, pero sapat na ang titig na iyon para muling mawala sa normal ang heartbeat niya pati na yata ang daloy ng dugo niya.

Ah! This can't be happening! piping bulalas niya.

Bumaling ito sa bata. “Sige ka, next time na lumabas ka, baka may monster na talaga. Don’t do that again.”

Takutin daw ba talaga ang bata, napasimangot na tutol ng isip niya sa sinabi nito sa musmos. Noong bata kasi siya ay madalas din siyang takutin nang ganoon ng mommy niya, at iyon ay para lamang matulog siya nang maaga. If she didn’t sleep early the monster might take her away and cuddle her just to put her to sleep. At siyempre ayaw niya iyong mangyari, kaya by hook or by crook ay pinipilit niyang matulog. At dapat malaman ng lalaking ito na wala iyong epektong maganda sa bata. Hanggang seven years old yata siya ay kinatatakutan niya ang monster na sinasabi ng mommy niya.

“Excuse me, Sir, sa palagay ko hindi naman yata tamang takutin mo pa ang bata. Pagsabihan mo na lang nang maayos. She’ll follow your orders if you talk to her sincerely.”

Kitang-kita niya ang paglalim ng kunot ng noo nito. Kasabay ng muling paglalim ng titig sa kanya. “Pardon?”

Gusto niyang mapabuga ng hangin. *Patay*

galit! Bakit ba egoistic ang mga lalaki? “Ang sabi ko po dapat yatang hindi mo siya tinatakot.” Dapat niyang panindigan ang sinabi. Dapat huwag siyang magpadaig sa titig nito. At sa kaguwapuhan ’ika mo.

Bago ito muling nagsalita ay ipinasa muna nito ang bata sa kadarating lang na isang may-edad na babae. “Manang, pakipasok mo na si Angel. Pakainin mo na siya.” Hinalikan muna nito ang bata bago tuluyang ibigay ito sa bagong dating.

“Naku! Ikaw na bata ka, kung saan-saan ka nagpupunta. Nalingat lang ako sandali ay nakalabas ka na agad ng bahay,” kastigo ng babae. Sa hula niya ay yaya ito ng paslit.

“I really saw an angel, Yaya.”

Sa muling pagsabi nito ng ‘angel’ ay nag-init ang pakiramdam ni Gilene. Only to blush more when she met the gaze of the man in front of her.

“Miss, magkalinawan nga tayo. I think you have no right to say that to me. Ako ang tatay ng bata, sa palagay ko naman ako ang mas may karapatan kung paano ko siya didisiplinahan. Higit sa lahat na sabihin iyon na naririnig ng anak ko.”

Hay naku! Pogi ka na sana kaso masungit ka lang.
“And by discipline, you mean takutin siya sa mga

multo-multo. It is not healthy, believe me.” *Biktima ako ng multo issue.*

“At inuulit ko, Miss, ako ang tatay ng bata,” anito sa maawtoridad na tono. Mas lalo pa siya nitong tinitigan. At kahit yata matangkad siya, pakiramdam niya ay nanliit siya sa height nito. Six footer yata ito.

Humakbang siya paatras at itinaas ang kanyang mga kamay. “Okay, fine. Pasensya na sa pakikialam. Nagsasabi lang ng opinyon; this is a free country, you know. May freedom of speech. Heck, I should go.”

Tumaas-baba ang Adam’s apple nito. “You should. Trespassing ka kasi, Miss.”

“What?” *Kanina pakialamera lang, ngayon trespasser na.* “I am not,” buong diing tanggi niya.

“Yes, you are.” Tumaas ang gilid ng labi nito. Tila amused na amused ito sa kalituhan niya.

Mabilis niyang nilingon ang pinanggalingan niya. Buti na lang at nakatalikod siya nang bahagya sa kausap sa ginawang paglingon, kung hindi ay huling-huli nito ang pagngiwi niya. *Nyii! Mukhang trespassing na nga ako. Ang layo ko na pala.*

Ngunit taas-noo pa rin siyang humarap dito. “Then I’m sorry again. Sa susunod kapag ayaw mo

ng trespasser, pabakuran mo ang property mo.”

Iyon lang at walang lingon-likod na iniwan niya ito. Sabi nga nila, if you want to leave an impression sa isang lalaki, dedmahin ang hitsura nito gaano man ito kaguwapo at kasungit.

Pero sayang, pogi pa naman ang mokong.

Iling-iling lang si Adrian habang pinagmamasdan ang babaeng nagmamadaling umalis sa harap niya. Wala naman siyang planong paalisin ito nang ganoon at sabihan na isang trespasser. Kaya lang tarantang-taranta ang utak niya noong nawala ang kanyang anak. Halos baligtarin niya ang mga kuwerto sa resthouse upang makita lang ito. Iyon pala ay nakasalisi na naman ito palabas. He should know na ang edad nito ang peak ng kalikutan at curiosity nito sa labas ng bahay.

“And to heck with my stories,” malakas niyang sisi habang pabalik ng bahay. Dahil wala na ang mommy nito ay siya na rin ang gumaganap ng role ng isang ina para rito. At kasama na roon ang pagkakaroon nila ng story-telling session. At dahil iilan lang naman ang alam niyang fairy tale ay iniiba-iba na lang niya ang mga kuwento ng mga iyon. At isa na nga roon

ang kuwento ng *The Little Mermaid*.

“The mermaid turned out to be a very beautiful angel along the shore to watch a very beautiful little girl like you.” Tandang-tanda niya ang sinabi niyang iyon sa anak. In-adapt niya kasi ang original version ni Hans Christian Andersen ng *Little Mermaid* kung saan hindi naman talaga nagkatuluyan ang prinsipal at ang sirena. The mermaid died and became an angel. *Kasalanan lang ng Disney ang lahat kung bakit sa kaalaman ng lahat ay naging happy ending ang love story ng mga ito.*

Mapait siyang napangiti. He used to be very positive about life and love until love turned dark on him. Nilingon niya ang dagat. Gaya ng paglamon ng dilim sa kagandahan ng karagatan na iyon, all the beautiful things in life had its dark side.

“Daddy!”

Hindi na niya hinintay na makababa pa ng high chair ang anak. Lumapit na kaagad siya rito. Kinuha niya ang plato ng pagkain mula sa yaya nito at siya ang nagpatuloy sa pagpapakain sa musmos. He was a very hands-on father.

“Dad...” Titig na titig ito sa kanya.

“Yes, Angel?”

“Siya ba’yung mermaid doon sa story mo?”

Sabi na nga ba. “No, Anak, she’s not. The angel is still out there somewhere.”

Tila nag-isip ito sa sinabi niya. Bahagya pa nitong ikiniling ang ulo at parang may inaalala. “But she looks like one. She’s pretty.”

I agree, mabilis na pagpayag ng utak niya. The lady really was quite captivating. Halatang hindi ito likas na tagaroon. Ilang taon na siyang naninirahan doon at halos kilala na niya ang mga tao sa kanyang paligid. And yes, that lady looked like a beautiful angel. Maganda ang mga mata nito, at sa palagay niya ay brown iyon. She also had that sweet look but could be fierce if she wanted it to. Kanina nga ay pigil na pigil siyang mapangiti habang tinititigan kung paanong magpalit ng ekspresyon ang mukha nito. At hindi rin ordinaryo ang tangkad nito. Her skin was sun-kissed. Hindi iyon maitim bagaman halatang babad ito sa init ng araw.

“Daddy...”

Tumikhim siya at muling ibinaling ang atensyon sa pagsusubo kay Angel. “Yes, Anak?”

“She’s pretty, right?” muling pagtatanong nito.

Oo nga pala, hindi pa niya nasasagot ang tanong nito. Ganoon ito hangga't hindi pa nakukuha ang nais malaman. At bilang doktor ay alam niya na lalaking matalino ang anak.

“Yes, Baby. She’s beautiful,” pag-amin niya.

Masama kasing magsinungaling, Adrian, sansala ng utak niya.

And he knew why he felt guilty. Mula nang mawala ang mommy nito ay wala nang ibang babae ang nakakuha ng atensyon niya. Ngayon lang ulit.

And because she looks like an angel.

Mabilis niyang iniwasan na muling sumagi sa isip niya ang imahe ng magandang babae. Pinilit niyang ibuhos ang atensyon sa anak. Inilihis niya ang usapan para lamang huwag nito muling mabanggit ang estranghera.

3

Bahagi ng programa nila ang medical mission. Tatlong araw ang nakalaan nilang pamamalagi roon at iyon na rin ang huling activity nila pagkatapos ay babalik na sila ng Manila. But she opted to stay, nakapagsabi na siya sa head nila maging sa head office na rin. At dahil volunteer worker lang naman siya ay kaagad siyang pinayagan. Gusto pa kasi niyang mag-stay pa ng ilang araw para ma-enjoy nang husto ang dagat. Siguro pagkatapos ng community building nila ay mananatili pa siya roon ng isang linggo.

“O, Gilene, dito ka na lang ba sa registration o gusto mo mag-assist ka na lang din kay Doc?” pukaw ni Cristy.

“Registration na lang ako, Ate,” sagot niya. Maaga pa at kasalukuyang nag-aayos pa lang sila. Wala pa rin ang contact nilang doctor, kaya naman hindi pa niya nakikita kung sino ang ‘Doc’ na sinasabi nito.

“Sabagay, mas magandang ikaw ang una nilang mabungaran at ang iyong kaakit-akit na ngiti,” anito na may panunudyo.

“Ate Cristy talaga.”

“Hay naku! Nagpapa-humble ka na namang bata ka. O, sige na, ako’y pupunta na muna d’on at sasalubungin ko na si Doc. Nandyan na yata. Basta alam mo na ang gagawin, di ba?”

Tumango siya. “Yes po. Kuhanin ang pangalan, edad at nararamdaman. Then record their BP.”

“Very good!” puri nito na para siyang isang kindergarten student.

Natawa na lang siya. Paano namang hindi pa niya makakabisado ang ginagawang iyon, halos ilang beses din niya iyong naging gawain sa mga nakaraang volunteer work niya. Napapailing na tumayo muna siya upang tulungan ang ibang kasamahan kung may kailangan pang iayos. Ginanap sa isang eskuwelahan ang medical mission nila at dahil bakasyon na ng mga bata ay malaya nilang nagagamit iyon.

Ilang minuto rin siyang nagtagal sa loob bago bumalik sa puwesto.

“Gilene, siya si Dr. Adrian Monteclaro. Siya ang ating guwapo at butihing doktor.”

“Ikaw?”

“What are you...?”

Magkasabay pa silang nagsalita. Bakas pareho

sa mukha nila ang pagkagulat.

This is impossible! pareho ring pumasok sa kanilang mga isip.

Sino ba ang mag-aakala na ang lalaking ito ang doktor ng medical mission nila? Parang nang nakalipas na gabi lang ay ito ang laman ng isip niya. Hindi ba't ito rin ang dahilan kung bakit siya napuyat? Tila tukso na naalala niya ang taglay na kaguwapuhan nito. At parang nang nakaraang gabi lang din ay nagsusungit ito sa kanya. Ito yata ang patunay na napakaliit talaga ng mundo.

Isang tikhim ang nagpabalik ng atensyon nilang dalawa. Kitang-kita niya ang nanunudyong ngiti ni Ate Cristy.

“Mukhang magkakilala na kayo, Doc, ah.”

“Nagkita na po kami kagabi. Naligaw ako sa resort nila sa paglalakad ko.” Ang dalaga ang unang sumagot. *Mahirap nang maisumbong ako na nag-trespass.* Kita niya ang pag-angat ng sulok ng labi nito. *Oo na, trespasser na.*

“Ah, yes. Nakita siya ng anak ko sa resort.” May bahid ng panunudyo ang tinig nito.

Hindi niya alam kung bakit hindi siya makatingin

nang derecho kay Adrian. Baka dahil na rin sa guilty siya bilang trespasser. *Err, hindi din. Kasi naman nakakatunaw tumitig.*

“Naku, Doc, mukhang mapapasabak kayo nang maaga sa trabaho. May pasyente na agad kayo,” sabi ni Cristy, sabay turo sa ilang papadating na kababaihan.

Gusto niyang mapa-Hallelujah, Lord. Nailigtas siya ng mga pasyente sa pagkakatunaw. Mabilis na bumalik siya sa dating puwesto at aligagang ginawa ang dapat niyang gawin. Sa pagitan niyon ay pilit din niyang pinakakalma ang nagugulo niyang sistema.

“Grabe, ang guwapo-guwapo ni Doc! Hindi ba, Ate Gilene?” kinikilig pang sabi ni Rhea. Kabilang ito sa mga empleyado ng *World Vision*. At sa pangalawang araw ng medical mission ay katulong niya ito sa registration.

Saglit na sumulyap siya sa direksyon ni Adrian. *Oo nga.* “Oo, mukhang doctor.”

“Ang tipid mo namang mag-comment, Ate. Samantalang alam mo bang noong makita namin si Doc, parang nakita na namin ang soulmate namin. Saka tingnan mo si Doc, o.” Inginuso pa talaga nito

ang kinaroroonan ng manggagamot. “Super ang alaga niya at bait. May sakit na din yata ako.”

Napangiti siya. Hindi lang pala sa kanya ganoon ang epekto ng lalaki. Kalahati yata ng population ng kababaihan ay may gusto sa doktor na iyon. “Mukha nga. Ang lala ng tama mo kay Doc. Pero na-meet ko na ang anak niya. So that means taken na siya.”

“Diyang ka nagkakamali, Ate. Ayon sa aming reliable source, matagal nang patay ang asawa niya. Hindi lang gaanong naidetalye ng source ko kung ano’ng ikinamatay. Pero ang mahalaga doon ay malaya na ulit siyang magmahal. At madami kaming naghihintay na mahalin niya.”

Isama n’yo na ako. Ay, hindi pala. Napangiwi siya sa biglang naisip.

“Makangiwi ka naman, Ate. Yon bang nakakasama mo sa modeling world, kasing-guwapo rin ni Doc?”

“Iba-iba, depende sa kung ano ang guwapo sa ’yo. But all of them have their own character.”

Nangalumbaba pa si Rhea upang pakinggan siya nang lubusan. “Ang suwerte mo naman! Nagkaroon ka ba ng boyfriend sa kanila?”

Napailing siya. “Believe it or not, wala. Fling,

oo. Pero serious relationship? Nah. Ayaw yata nila sa akin.” Nakuha pa niyang magbiro.

Pabirong hinampas siya nito. “Grabe na ang taste ng lalaki kung ayaw pa nila sa ganda mo. Paano na lamang kami kung ang kagaya mo ay hindi makahanap ng love life?”

“Ano ka ba! Wala sa hitsura ang love life, nasa diskarte ’yan. Ang sama nga lang, hindi pa dumadating ’yung lalaking talagang nakalaan para sa akin.” *Baka ngayon pa lang din.* “Saka masyadong komplikado ang naging kuwento ng buhay ko. Hindi mo gugustuhing maranasan, promise.”

Nagningning ang mga mata nito. “Ay, ikuwento mo naman sa akin, Ate. Promise, kung secret ’yan ay hindi ko ipagsasabi.”

“Hindi mo naman kailangang itaas pa ’yang kamay mo bilang pangako. Okay lang sa aking ikuwento, kaya lang mahaba. Kapag free time na lang natin, ikukuwento ko sa ’yo.”

“Sige, sige, Ate. Ay, tingnan mo, ang cute naman ng bata.”

Sinundan niya ng tingin ang direksyon na sinabi nito. Ang cute na batang sinasabi nito ay walang iba kundi ang anak ni Adrian. Akay-akay ito ng yaya nito

patungo sa direksyon nila.

Kaagad siyang ngumiti nang tahakin nito ang lamesa nila.

“Hi, little girl!” masiglang bati ni Rhea. Gaya ng unang ginawa nito sa kanya ay kumaway-kaway ito sa harap nila.

“Hello, Miss. Hello, Miss Gilene.”

So the little girl remembered me. Sweet.

Napansin niyang nagtatanong ang mga mata ni Rhea nang bumaling sa kanya. Nginitian lang niya ito.

“Hi, Angel. How are you?”

“I’m fine po. P’wede ko po bang puntahan si Daddy?”

Sumulpot ang yaya nito sa tabi nito. Nagpapasensyang nakangiti ang matanda sa kanya. “Naku, Ma’am, pasensya na po sa abala. Hindi ko lang po talaga mapigil ang batang ito sa pagwawala na makita ang tatay niya.”

“Ayos lang po. Sandali po, ikukuha ko muna kayo ng maupuhan habang hinihintay si Doc. Ilang pasyente na lang naman po at tapos na po siya,” alok niya. Dumampot siya ng monoblock chair at

inilagay iyon sa tabi nila. “Angel, okay lang ba sa ’yo na tumabi ka muna sa amin habang hinihintay mo si Daddy mo?”

Mabilis na tumango ito.

“Okay, you can come here.” Pinaupo niya ang paslit sa kanyang kandungan. Gaya niya ay kaagad nitong nakuha ang atensyon ng karamihan. Game na game ito sa mga tanong nila. Bibong-bibo ito at tanong din nang tanong.

Nagulat pa si Adrian nang paglabas ng isang classroom ay nabungaran doon ang yaya ni Angel at ang anak. Humahagikgik pa ito habang kandong-kandong ni Gilene. His Angel looked happy and at ease with her. Buong suyong hinahaplos pa ng dalaga ang buhok ng kanyang anak. And it touched him. Hindi niya napigilan ang mapangiti.

“Angel...” pagkuha niya sa atensyon ng anak.

“Daddy!” Kaagad itong tumakbo patungo sa direksyon niya. Walang hirap na kinarga niya ito at ginawaran ng halik.

“What are you doing here, ha?”

“Kuya, pasensya na po. Nagpupumilit po siyang

magpunta dito, eh. Umiiyak naman kapag ayaw kong pumayag. Kesa naman po takasan ako saka maubusan siya ng tubig sa katawan sa kakaiyak ay pinagbigyan ko na lang po,” paliwanag ng may-edad na babae sa kanya. Alam niyang nag-aalala itong magalit siya. Ayaw kasi niya ng sobrang naiinitan ang anak, mahina pa naman ang puso nito.

“Okay lang, Manang.”

“Nami-miss na kasi kita, Daddy,” katuwiran ni Angel. Ito ang isa sa mga rason kung bakit pinili niyang maging private doctor na lamang. Nang sa ganoon ay hindi niya kinakailangang mamalagi sa ospital nang matagal na oras.

“I miss you too, Angel. Kinulit mo ba sila?”

“Naku, Doc, hindi ho! Nakakaaliw nga po ang anak ninyo, ang tali-talino saka derechong-derecho magsalita,” mabilis na salo ng katabi ni Gilene. Sa pagkakaalam niya ay Rhea ang pangalan nito.

Dumako ang tingin niya sa dalaga. Apologetically ay ngumiti siya rito. Simula ng insidente sa harap ng beach house niya ay hindi pa siya humihingi ng tawad dito.

“Thank you for looking after my daughter,” he said sincerely.

“Walang anuman po. Your daughter is a darling,” komento nito na nakatingin kay Angel.

Na-amuse siya sa paggamit nito ng ‘po’ sa kanya. Samantalang noong isang gabi lamang ay taas-noong tinalikuran siya nito. And it amused him, kung paanong magpalit-palit ng emosyon ang maamo nitong mukha.

“Kumain muna po kayo, Doc,” alok ni Rhea sa kanya.

“Huwag na, busog pa ako. Isa pa, ang aga kasi ng sundo ko; balak ko pa namang makipagkuwentuhan ulit sa inyo.”

Noong unang araw ay sumabay siyang kumain sa mga ito matapos ang medical mission. Dapat talaga ay uuwi na siya, ngunit nang alukin siya ni Gilene para sumabay sa mga ito ay hindi siya nakatanggi. Ang buong akala niya ay makikisali ito sa kuwentuhan. Pero taliwas sa inaasahan niya ang personalidad nito. Tahimik na nakikinig ito sa pinag-uusapan at nagkokomento lamang kapag kinakailangan. Sa hitsura kasi nito ay para itong party-goer at life of the party.

“Ay, sayang.”

Tumawa siya. “Huwag kang mag-alala, may

bukas pa.”

“Aasahan namin ’yan, Doc.”

Tumango siya. “Paano, una na kami. O, Angel, say goodbye to them.”

Masunuring kumaway naman ang bata. Game pa ngang nag-flying kiss ito na ikinatuwa ng mga naroroon.

“Miss Gilene, let’s play at my house,” dagdag pa ni Angel bago sila tuluyang umalis. Halatang nagulat ang dalaga at tumingin ito sa kanya.

“Yeah, you should come. Para na din makabawi ako sa pagiging rude ko sa iyo noong nakaraang araw,” aniya bago pa ito makatutol. At hindi niya malaman kung paano niya nasabi iyon.

Halatang nagdadalawang-isip pa rin ito.

“Please, Miss Gilene...” His daughter gave her a look that no one dared to resist. Gusto niyang yakapin ang anak sa ginawa nito. Sa napagtanto ay kaagad na kumalembang ang warning bells sa isip niya.

“Sige na nga. Makakatangi ba ako sa angel.”

“Yehey!” Masayang-masayang pumalakpak ang musmos.

Heal Me With Your Love - Faith A. Teodoro

Bago pa humaba muli ang usapan ay nagpaalam na ulit si Adrian sa mga ito at muling ngumiti kay Gilene. Matipid na gumanti ito ng ngiti sa kanya. May kung ano sa ngiti nito na tila nakapagpaalis ng pagod niya. Parang pamilyar sa kanya ang ngiti nito.